



## INILABAS NA BALITA

**ILALABAS KAAGAD:** Disyembre 18, 2017

**KOKONTAKIN:** Aaron Richardson - 415.749.4900

## Matatapos na ang panahon ng may pahintulot na pagsusunog para sa mga pagsusunog ng dayami

**SAN FRANCISCO** - Inaanunsiyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area na matatapos ang panahon ng may pahintulot na pagsusunog para sa mga pagsusunog ng dayami sa Bay Area sa Linggo, Disyembre 31, 2017.

Sa ilalim ng patakaran ng Distrito ng Hangin, hindi magdedeklara ng mga araw na pahihintulutan ang PAGESUSUNOG kapag ipinapatupad ang *Alerto ng Iligtas ang Hangin sa Taglamig (Winter Spare the Air)*.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad. Ang ilang sunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at ang pag-iwas ng mga panganib ng sunog bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Ang bawat araw ng taon ay itinalaga bilang alinman sa araw ng PAGESUSUNOG o araw na HINDI MAGSUSUNOG, at ang mga pinahihintulutang pagsusunog ay maaari lang itakda sa panahon ng kanilang itinatag na panahon ng pagsusunog sa itinalagang araw ng PAGESUSUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsusunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at katimugang mga county ng Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Distrito ng Hangin sa bukas na pagsusunog (Regulasyon 5) sa: [www.baaqmd.gov/rules](http://www.baaqmd.gov/rules). Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Distrito ng Hangin sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###